Name:

I. Basahin at intindihin ang tula.

## A. Sa Ugoy ng Duyan

Ni: Thara Anne M. San Pedro

Sa aking pamamahinga dito sa aking duyan
Ginhawa sa katawan habang libro ay tangan
Sumasabay sa ihip ng hanging amihan.
Makakatulog ka, pakiramdam ay gumagaan.

Ginawa ni ama itong duyan na matibay
Kahit apat na tao dito ay sumakay
Hindi mag-aalala na babagsak ka sa lupa
Dahil lubid nito ay sadyang matataba.

Minsan sa aking pagduduyan
Dumating ang aking kaibigan
Sabay kaming naupo at nagkuwentuhan
Paglipas ng oras ay hindi namalayan.

Ang ugoy ng duyan ay sumisimbolo
Sa pagsubok sa buhay ng isang tao
Minsan mahina na nanghihikayat na huwag kang susuko
Minsan naman malakas na nagsasabing "kaya mo."

Salamat ama sa duyang iyong ginawa
Na nagpapasaya sa akin sa tuwina
Ugoy nito ay nagpapaalala
Na ako ay mahal ninyong talaga.

A. Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa bahagi ng tula.

_____1. Ilang taludtod mayroon ang tula?

_____2. Ilang saknong mayroon ang tula?

_____3. Ilang taludtod ang bumubuo sa bawat saknong?

_____4. Sa anong letra nagtatapos ang bawat taludtod sa una at ikatlong saknong?

LIVEWORKSHEETS

_____5. Sa anong letra nagtatapos ang bawat taludtod sa ika-apat na saknong?

_____6. Sa anong letra nagtatapos ang bawat taludtod sa huling saknong?

_____7. Ilang pantig ang bumubuo sa una at ikalawang taludtod ng huling saknong?

_____8. Ilang pantig ang bumubuo sa ikatlo at ika-apat na taludtod ng huling saknong?

B. Sagutin ang mga tanong tungkol sa tulang binasa.

_______________1. Tungkol saan ang tula?

_______________2. Sino ang sumulat ng tula?

_______________3. Ano ang hawak ng manunulat habang namamahinga sa duyan sa unang saknong?

_______________4. Sino ang gumawa ng duyan sa ikalawang saknong?

_______________5. Paano inilarawan ang duyan sa ikalawang saknong?

_______________6. Ilan ang kayang sumakay sa duyan?

_______________7. Sino ang dumating habang siya ay nagduduyan sa ikatlong saknong?

_______________8. Ano ang ipinahihiwatig ng malakas na ugoy ng Duyan sa ika-apat na saknong?

_______________9. Anong paraan ng pag-ugoy ang nagpapahiwatig ng hindi pagsuko sa buhay sa ika-apat na saknong?

_______________10. Anong salita ang sinabi ng manunulat para sa kanyang ama?

LIVEWORKSHEETS